# Patungo sa Pambansang Plano ng Pagkilos Laban sa Rasismo Para sa Ireland
# Konsultasyong Publiko 2021

## Pambungad

**Komite Laban sa Rasismo at Probisyonal na Paguulat**
Ang National Anti-Racism Committee ay isang independyenteng komite na itinatag ng gobyerno noong 2020 upang magbalangkas ng Pamabansang Plano Laban sa Rasismo Para sa Ireland. Makikita ang ating pagkakasapi at kabuoang Tuntunin ng Sanguninan dito.

Alinsunod sa ating Mga Tuntunin ng Sangunian, kami ay nagsumite ng **Probisyonal na Paguulat** sa Minister for Children, Equality, Disability, Integration and Youth noong Nobyembre, 2020. Ang paguulat ay naglalatag ng mga inisyal na ideya at mga plano para sa pagdebelop ng Pambansang Plano ng Pagkilos Laban sa Rasismo. And Probisiyonal na Paguulat ay maaring ma-akses dito.

Ang pag-konsulta sa mga kapisanan ng stakeholder at sa mga miyembro ng publiko ay isang importanteng bahagi ng aming trabaho. Ang konsultasyon na ito ay nagbibigay ng oportunidad sa lahat upang sabihin ang kanilang naiisip kung paano namin mahaharap sa epektibong paraan ang rasismo sa lahat ng uri nito sa Ireland ngayon.

Ang dokumento ukol sa konsultasyon ay aming inihanda para mapaliwanag kung ano ang konsultasyon na ito at para ma-highlight ang mga bagay kung saan kami ay malugod na tatanggap ng pananaw at mungkahi.

**Ang inyong mga pananaw ay mahalaga sa pagtulong sa amin na makadebelop ng epektibong paraan para harapin ang rasismo sa Ireland.**

**Ano ang Rasismo?**
Sa aming Probisyonal na Paguulat, kami ay nagbalangkas ng pagkakaintindi sa rasismo upang maging gabay sa aming trabaho:

> [Ang rasismo ay]... *ang lakas dinamika na naroroon sa mga estruktural at kaayusang institusyonal, kagawian, patakaran at pamantayan sa kultura, na mayroong epekto na mag-bukod o mag-diskrimina laban sa mga indibidwal o mga grupo, batay sa kanilang pagkakakilanlan, tulad ng nababalangkas sa Artikulo 1 ng International Convention for the Elimination of Racial Discrimination (ICERD), na naglalaan:*
> *'...ang terminong '"diskriminsyon sa lahi" ay nangangahulugan na anumang pagkakaiba, pagbubukod, paghihigpit o kagustuhan batay sa lahi, kulay, pinagmulan, o nasyonal o etnikong pinagmulan na may layon o epekto na*

*nagpapawalang-halaga o nakakapinsala sa pagkakilala, katuwaan o pagsasanay, sa pantay na pamantayan, ng mga karapatang pantao at pangunahing kalayaan sa pampulitika, pang-ekonomiya, panlipunan, pangkultural at iba pang larangan ng buhay publiko.'*[1]

Kinikilala namin ang interseksyonalidad sa pagitan ng rasismo at iba pang mga uri ng pang-aapi batay sa kasarian, sekswalidad, pagkakakilanlan ng kasarian, kapansanan at pangyayaring sosyo-ekonomiko - at na ang mga babae, mga kabataan at mga lalaki ay magkakaiba ang karanasan sa iba't-ibang dimensyon ng rasismo.

Ang pagkakainitindi na aming pinagtibay ay isang nabubuhay, nagbubuo sa internasyonal na konseptong ligal at obligasyon pati na rin lehislasyong EU at Irish.

Ang rasismo ay isang problemang sistemiko na nagmamahayag sa maraming saklaw sa lipunan at naaapektohan ang maraming aspeto ng buhay ng mga tao. Ang rasismo ay nakatanim sa mga istraktura; sumasalamin at kinokopya sa mga institusyon, mga gawi, mga patakaran at mga pamantayan sa kultura; at sa pamamagitan nito may epektong nagbubukod o nagdidiskrimina laban sa indibidwal o mga grupo, batay sa kanilang lahi o etnisidad (kasama na ang nasyonalidad at pagiging kasapi sa komunidad ng Manglalakbay).

**Ang rasismo ay isang totoong kaganapan sa Ireland. Tayo ay nangangaingalan ng isang komprehensibo at epektibong Pambansang Plano ng Pagkilos upang maharap ito.**

Ang rasismo ay isang totoong kaganapan sa Ireland. Sa nagpapatuloy at mahusay na dokumentadong ebidensiya ay nagpapakita na ito ay nakatanim sa bawat antas ng lipunan at nararanasan ng iba't ibang grupo. Ang rasismo ay mas lalong nailantad ng COVID - na may pagkakaiba sa epekto para sa mga migrante at mga ibang grupo na naging target ng diskriminasyon sa lahi.

Sa pagtanggap ng bigat ng ebidensya sa nakaraang taon na umiiral ang rasismo, kinikilala namin na kailangan natin kumilos na at gumawa ng aksyon. Mula noong natapos ang nakaraang Pambansang Plano ng Pagkilos Laban sa Rasismo noong 2008, ang mga samahang sibil ay naglayon ng panibagong pambansang pokus, isang rekomendasyon na inulit din sa huling pagsusuri ng Ireland ayon sa UN Committee for the Elimination of Racial Discrimination (CERD) noong 2019. Ang Irish Human RIghts and Equality Commission ay nagtawag din para sa pagdebelop ng panibagong Plano ng Pagkilos.
Ayon sa batas, ang diskriminasyon ng lahi ay kasalukuyang pinagbabawal sa Ireland, pati ang mapoot na talumpating rasista ay iligal din. Lahat ng mga pampublikong lupon ay may tungkulin na gumawa ng aktibong hakbang para matanggal ang diskriminasyon (kasama na ang saligan ng lahi) sa takbo ng kanilang pagtatrabaho. Ang pagsulong ng ekwalidad at ingklusyon para sa etnikong minorya ay isang naideklarang layunin ng maraming pang-

[1] Probisyonal na Paguulat ng Komite Laban sa Rasimo, 2020, 3.

gobyerno at pampublikong patakarang estratehiya. Ang mga hakbang sa pagsugpo ng rasismo ay kasama sa Migrant Integration Strategy at sa National Traveller and Roma Inclusion Strategy. Maraming reporma na kasalukuyang isinasagawa ay magiging importante sa pagpapatibay ng proteksong ligal laban sa rasismo. Kasama rito ang iminungkahing lehislasyon para sa krimen ng pagkamuhi at regulasyon para sa online media. Ang mga pagbabagong tulad nito ay malakas na indikasyon na ang lipunang Irish ay hindi magpaparaya na ang mga minorya ay mapapailalim sa kahit anumang uri ng rasismo.

Gayunpaman, ang rasismo at diskriminasyon ng lahi ay umiiral sa Ireland sa kabila ng mga ligal na prohibisyon. Ang kasalukuyang mga probisyon at inisyatiba sa patakaran ay hindi sapat at may nananatili pang malalaking puwang. Ang Pambansang Plano ng Pagkilos ay magbibigay paraan na mailagay sa lugar ang mga nananaig na hakbang at mga batas sa isang mas malawak na balangkas ng mga konkretong aksyon upang mapahusay ang pagiging epektibo nito. Ito rin ay maglalatag ng panibagong aksyon at inisyatiba para matugunan ang mga umiiral at mga paparating na alalahanin. Sa pagdebelop nitong mga bagong aksyon at inisyatiba, aming isasaisip ang katunayan na ang rasismo ay magkasalikop sa iba pang kawalan ng ekwalidad at diskriminasyon sa ibang mga batayan, kagaya na lang ng kasarian at kapansanan.

**Ang pagkakaroon ng magandang impormasyon ukol sa ekwalidad ay importante sa pagharap ng rasismo.**

Ang pag-monitor ng ekwalidad ng mga etniko ay susi sa pagtuklas ng paglaganap ng diskriminasyon ng lahi at ang epekto nito sa buhay. Ito ay mahalaga sa pagdebelop ng mabisang kontra-hakbang. Ang pagsusuri ng International Human Rights ay muli't muling nananawagan sa Ireland na magpatibay ng naaalinsunod na paraan sa pagkokolekta ng datos ng mga nakahiwalay dahil sa etniko sa pamamagitan ng pampublikong tagapagbigay ng serbisyo at iba pa.  Ito ay tinuturol ng ating Probisyonal na Paguulat bilang prioridad na rekomendasyon. Ang Pambansang Plano ng Pagkilos ay lalo pang iha-highlight ang mga puwang sa paglikom at pag-gamit ng datos, at ikokonsindera kung anong mga pagbabago ang maaring makatulong sa atin sa mas maiging paggamit ng mga datos sa paglaban ng rasismo.

**Patungo sa Pambansang Plano ng Pagkilos Laban sa Rasismo Para sa Ireland**

Importante na ang Plano ay nakaugat sa pangako ng mga pinahahalagahan ng karapatang pantao, demokorasya at ang alituntunin ng batas. Ang mga pinahahalagahan na ito ay dapat nailalarawan sa pamamaraan at ipinapaalam ang mga aksyon ng lipunang Irish sa pagpuksa ang rasismo.

Tulad ng nakasaad sa aming Probisyonal na Paguulat, ang ating gawain ay ginabayan ng pinakamahusay na kasanayan sa istraktura at nilalaman ng Pamabansang Plano ng Pagkilos Laban sa Rasismo gaya ng itinakda sa Praktikal na Gabay sa Pagdebelop ng Pambansang

Plano ng Pagkilos Laban sa Disrkiminasyo ng Lahi na nilathala ng Office of the United Nations High Commissioner on Human Rights.

Ang ating gawain ay ipinaalam din ng EU Action Plan Against Racism (2020-25), na siya ring sumasalamin ng UN Guide.

Alinsunod sa UN Guide, nilalayon namin makapagdebelop ng Pambansang Plano ng Pagkilos Laban sa Rasismo na:

- *Batay sa pamantayan ng karapatang pantao*
- *Komprehensibo ang saklaw*
- *Isang panlipunang pagsasagawa*
- *Nakatuon sa aksyon*
- *Isang pampublikong dokumento*
- *Isang tuloytuloy na proseso*
- *Mayroong pangdaigdigang mga dimensyon.*[2]

## Sa puntong ito, nais namin marinig ang inyong mga pananaw

Sa pagbuo sa pagkakaintindi sa rasismo at mga bahagi ng interes na nakabalangkas sa ating Probisyonal na Paguulat, at ipinaalam ng mga input mula sa konsultasyon na ito, ang Pambasang Plano ng Pagkilos ay maglalaman ng mga aksyon na naka-adres sa lahat ng kagawaran at mga ahensya ng gobyerno, mga awtoridad, mga institusyon at mga kapisanan - sa mga sektor na publiko, pribado at boluntaryo - na mayroong opsiyal na tungkulin o responsibilidad na matugunan ang rasismo o kung kanino ang pinagkakasunduan at mahalaga. Ang Pambansang Plano ng Pagkilos ay magtutuon pansin din sa media, parehong tradisyonal at bagong uri nito. Ito ay maglalaman ng mga aksyon na magtataguyod ng karapatan at ekwalidad para sa lahat ng nakatira sa Ireland.

Para matulungan kaming maorganisa ang aming konsultasyon, iminungkahi namin ang ilan sa mga tema na nagpapakita ng mga isyu na nakalarawan sa aming probisyonal na paguulat. Kayo po ay makakasiguro na ang mga temang ito ay hindi pinili sa kadahilanang ito lamang sa aming palagay ang mga bahagi kung saan ang rasismo ay nagaganap, o kaya ito lamang ang mga tema na maaring ma-adres sa Pambansang Plano ng Pagkilos. Ang mga ito ay simpleng iminungkahi upang mahimok ang talakayan at matulungan maorganisa ang konsultasyon. Sabik din kaming marinig ang inyong pananaw ukol sa iba pang mga isyu na sa palagay niyo ay dapat namin isaalangalang sa pagdebelop ng Plano.

Kami ay naghanda ng mga katanungan sa bawat tema upang mahimok ang talakayan. Makikita niyo na ang mga katanungan sa ibaba ay nakakatulong sa istraktura sa inyong mga input sa konsultasyon. Huwag po kayong mag-atubili na magbigay ng pananaw ukol sa mga isyu na ito na walang reprensiya sa mga katanungan, at / o magbigay ng pananaw sa

[2] *Pagdebelop ng Pambansang Plano ng Pagkilos Laban sa Rasismo at Diskriminasyon Isang Prakital na Gabay*, UN OHCR 2014, 3.

naiibang isyu na hindi nabanggit sa kasulatang ito. Kinikilala din namin na maaring magkaroon ng pagsanib sa pagitan ng mga temang ito.

**Tema 1:** **Pag-askes sa hustisya**
**Tema 2:** **Lahat ng uri ng media at mga komunikasyon, kasama ang mga bagong teknolohiya**
**Tema 3:** **Empleyo, edukasyon, kalusugan at tirahan**
**Tema 4:** **Ingklusyon at partisipasyon**

1. ***Pag-askes sa Hustisya***

Kabilang sa temang ito ang pagkokontra sa diskriminasyon ng mga awtoridad na nagpapatupad ng batas, pati ang mga isyu sa mga mekanismo ng mga reklamo, ang hindi kumpletong pag-uulat at mga uri ng bayad-pinsala.

- Anong mga suporta ang gusto niinyong makitang maipwesto para sa mga biktima ng rasismo?
- Anong mga aksyon ang maaring epektibo sa pagtanggal ng mga hadlang sa hustisya para sa mga biktima ng rasismo?
- Anong mga aksyon ang maaring gamitin para makontra ang diskriminasyon ng mga pagpapatupad ng batas?
- Sa inyong palagay, ang rasismo ba ay may epekto sa mga arestado o mga akusado sa sistema ng hustisyang kriminal, at kung ganun nga, paano ito maia-adres?
- Sa inyong palagay, ang rasismo ba ay may epekto sa mga nahatulan o mga nakakulong sa sistema ng hustisyang kriminal, at kung ganun nga, paano ito maia-adres?
- Sa inyong palagay, ang rasismo ba ay may epekto sa ligal na paghahatol at mga korte, at kung ganun nga, anong mga aksyon ang kailangang isagawa?
- Mayroon bang mga partikular na isyu na may koneksyon sa rasismo at kasarian at akses sa hustisiya?

2. ***Lahat ng uri ng media at mga komunikasyon, kasama ang mga bagong teknolohiya***

Kabilang sa temang ito ang imprenta at mga tradisyonal na uri ng media at pagsasahimpapawid, pati na rin ang social media at mga bagong teknolohiya.

- Anong mga askyon ang iminumungkahi ninyo upang maharap ang rasismo sa makabago at mas tradisyonal nag uri ng media?
- Anong mga aksyon ang sa palagay ninyo ay makakatulong sa broadcast media at sa diyaryo na mas kinakatawan ang lahat ng antas ng mga kalahatang naninirahan sa Ireland?
- Ano ang mga hamon na dulot ngmga bagong teknolohiya ugnay sa rasismo?

- Mayroon bang mga oportunidad na nailatag ang mga bagong teknolohiya upang mapatibay ang paglaban sa rasismo?
- Anong mga aksyon ang dapat isagawa ng mga kompanyang teknolohiya upang makatulong sa pagsugpo ng rasismo?
- Anong magagampanan ng regulasyon ng mga kompanyang teknolohihya sa pagsugpo ng rasismo?

**3. *Empleyo, Edukasyon, Kalusugan at Tirahan***

Ito ang mga pangunahing lugar na pang-ekonmiya at buhay panlipunan kung saan ang mga hakbangin at kinakailangan para masuportahan ang kabuoang ingklusyon at partisipasyon ng mga grupo na nakakaranas ng rasismo sa lipunan at ekonomiya. Maaring maisama dito ang pagharap sa rasismo sa lugar ng trabaho; isinisigurado na ang serbisyong publiko ay dinisenyo at inihatid nang kasama ang lahat; at ang mga hakbang para ma-adres ang mga kawalan ng ekwalidad ng lahi sa pag-akses ng, partisipasyon sa at resulta mula sa serbisyong edukasyon, kalusugan at tirahan.

- Paano ninyo gustong makitang harapin ang rasismo sa sektor ng edukasyon?
- Paano natin matitiyak ang ekwalidad ng mga kabataan pagdating sa akses ng mga serbisyo?
- Anong aksyon ang gusto ninyong makita na maisagawa sa sektor ng kalusugan para ma-adres ang di pagkapantay-pantay sa kapakanan base sa etnisidad?
- Anong mga hakbang ang maaring makatulong para ma-adress ang rasismo sa akses sa tirahan?
- Anong mga inisyatiba at aksyon ang gusto ninyong makitang maisagawa para labanan ang rasismo sa akses sa empleyo?
- Mayroon bang partikular na sektor sa lakas paggawa kung saan ang aksyon ay kailangan maiprayoridad para labanan ang rasismo?
- Anong pagsasanay at mga karagdagang suporta ang maaring makatulong para masugpo ang rasismo sa lugar ng trabaho?
- Anong mga hakbang ang maaring ilantad para maitaguyod ang empleyo at ingklusyon sa kalakal ng paggawa, pati na rin ang pag-adres sa mga pinagbabatayang sanhi ng diskriminasyon?

**4. *Ingklusyon at Partisipasyon***

Kabilang sa temang ito ang maaring gampanan na papel sa iba't ibang antas ng pag-angat ng edukasyon at kamalayan sa pagsugpo ng ugaling rasismo at mga asal. Maaring mapabilang dito ang mga hakbang para mapahusay sa pagkatuto tungkol sa dibersidad at diskriminasyon sa pormal na kurikulum, pag-reframe ng kasaysayan para maisama ang mga grupo at mga dimensyon na kasalukuyang hindi pinapansin, pati na rin ang kamalayan ng publiko pagaangat ng inisyatiba.

Sumasailalim sa temang ito, aming nilalayon na i-adres ang mga salabid sa mga taong nagmula sa etnikong minorya na nakikilahok sa politiko demokratiko at tumatayo sa lokal at pambansang eleksyon.
Amin ding ikokonsidera ang karapatang pag-akses ng anumang lugar o serbisyo na inilaan para magamit ng publiko, kagaya ng transportasyon, mga hotel, mga restoran, mga kapehan, mga sinehan, mga pasilidad ng isport, mga parke at mga ameniti para sa libangan.

- Anong inisyatiba ang sa palagay ninyo na maaring makapag-angat kamlaayan sa diskriminasyon ng lahi at makakatulong na masugpo ang estereotipo ng lahi?
- Paano natin matatanggal ang mga salabid sa ingklusyon sa lipunan at partisipasyon ng mga hindi lubos na kinatawan at mga grupong may kahirapan?
- Paano natin mapatitiyakan na ang mga pinka-mardyinalisado ay espesipikong kasama?
- Anong inisyatiba ang makakatulong para mapatiyakan na ang patakarang pampubliko ay isasaalang-alang ang mga sistemikang rasismo na naranasan ng mga pinag-lahing komunidad?
- Anong aksyon ang inyong iminumungkahi upang tumaas ang bilang ng mga tao mula sa mga grupo ng etniko minorya na lumalahok at tumatayo sa lokal at pambansang eleksyon?
- Anong aksyon ang kailangan para mapatiyakan na ang mga politikal na pamamaraan, proseso at partisipasyon ay kontra-rasista?
- Anong aksyon ang kailangan isagawa para ma-adres ang rasismo sa isport? Anong mga positibong aksyon ang makakapagpahusay nito?
- Anong aksyon ang kailangang isagawa para maiangat ang kamalayan ng at ma-adres ang rasismo sa sining at kultura? Anong mga positibong aksyon ang makakapagpahusay nito?
- Anong aksyon ang kailangang isagawa para mataguyod ang pakikipagunayang inter-kultural at partisipasyon sa komunidad?

Malugod po naming tatanggapin ang inyong mga pananaw sa anumang bagay na sa inyong palagay ay may kaugnayan sa pagdebelop ng Pambansang Plano ng Pagkilos Laba sa Rasismo para sa Ireland. Maaring makatulong ang mga pangkalahatang katanungan sa ibaba:

**Mga Pangkalahatang Katanungan**

- Ano ang inyong nakikita na pinaka-importanteng problema na hinaharap ng mga minorya?
- Anong mga inisyatiba sa palagay ninyo ang makaka-adres ng puwang sa paglikom ng datos at paggamit nito?
- Paano ninyo masusukat kung gaano kahusay ang takbo ng plano? Sino sa inyong palagay ang kailangang kasali sa pagpapatupad at pamamahala ng mga aksyon na rekomendado sa Plano?

- Sa pagkilala na ang Plano ng Pagkilos ay sasaklawin ang maraming mga isyu, anong dalawang bahagi nito sa inyong palagay at dapat prayoridad para sa maagang aksyon?
- Ano ang makakagawa ng pinakamalaking pagkakaiba sa mas mahabang panahon?
- Ang karanasan ba sa rasismo ay nagbabago depende sa kasarian, edad, oryentasyong sekswal o pamilya o katayuang sibil ng tao?
- Paano nauugnay ang karanasan sa rasismo sa kapansanan?

**Ang Ireland ay nagdedebelop ng Pambansang Plano ng Pagkilos Laban sa Rasismo.**
**Ang inyong mga pananaw ay makakatulong para mahubog ang Plano na ito.**
**Salamat sa pagiging bahagi ng mahalagang gawain na ito.**